

2022 Burnaby Local
Government Election
**Ang Iyong Lungsod—
Ang Iyong Choice**

**Bumoto bago
dumating ang
General Voting Day
Oktubre 15, 2022**

PATNUBAY PARA SA MAIL BALLOT



Ang ilustrasyon ay sa kagandahang-loob ng mga estudyante sa Burnaby.

#BurnabyVotes
Burnaby.ca/Elections



Ang 2022 ay ang taon ng Local Government Election sa Lungsod ng Burnaby. Sa Sabado, Oktubre 15, 2022, ang mga eligible na botante ay boboto para sa isang (1) mayor, walong (8) councillors, at pitong (7) school trustees para sa School District 41. Ang nahalal na mayor, councillors, at school trustees ay magsisilbi ng isang -apat-na-táong term mula Nobyembre 2022 hanggang Nobyembre 2026.

Ang pagboto ay ang iyong oportunidad upang piliin ang mga táong mamumuno sa iyo bilang mga susunod na tagagawa ng desisyon ng Lungsod.

Ang Iyong Lungsod—Ang Iyong Choice. Bumoto kung saan ka nakatira, nagtrabaho, naglalaro, at nag-aaral.



Ang Burnaby ay boboto sa pamamagitan ng mail

Ito'y bago sa táong ito! Maaari mong piliing bumoto sa pamamagitan ng mail. Itong bagong paraan ng pagboto ay bukod pa sa advance at general voting days, kaya't mas madali pang bumoto.

Mga mahalagang petsa

Panahon ng aplikasyon: 8 am Setyembre 1 hanggang tanghali ng Oktubre 6. Ang mail ballot packages ay magiging available simula 8:30 am ng Setyembre 24. Ang deadline para maibalik ang mga nakompletong mail ballots ay Sabado, Oktubre 15.

Paano mag-apply para sa isang mail ballot

May tatlong paraan upang mag-apply para sa iyong mail ballot:



1. **Online:** Mag-apply online sa Burnaby.ca/Elections



2. **Nang Personal:** Kumuha ng application package sa mga sumusunod na lokasyon:


- » **Bob Prittie Metrotown Library**
6100 Willingdon Avenue
- » **Burnaby City Hall**
4949 Canada Way
- » **Cameron Library**
9523 Cameron Street
- » **Christine Sinclair Community Centre**
3713 Kensington Avenue
- » **McGill Library**
4595 Albert Street
- » **Tommy Douglas Library**
7311 Kingsway
- » **W.A.C. Bennett Library**
Simon Fraser University, 8888 University Drive



3. **Sa Telepono:** Kontakin ang Burnaby Election Office sa 604-294-7088 at mag-request na padalhan ka ng isang application package sa mail sa iyong tirahan. Kung nais mong matanggap ang iyong application package sa mail, ipadala ang iyong request bago dumating ng tanghali ng Setyembre 30. Ang mga kinompletong aplikasyon ay dapat isumite sa Election Office sa Christine Sinclair Community Centre bago dumating ng tanghali ng Oktubre 6, 2022.

Ano ang nasa loob ng isang application package?

- » sulat ng instructions
- » listahan ng mga tinatanggap na ID
- » aplikasyon para sa mail ballot
- » form upang magrehistro bilang isang elector
- » form upang magrehistro bilang isang non-resident property elector
- » consent form para sa non-resident property elector
- » sobre para sa pagbalik ng mga kinompletong dokumento



Paano kumuha ng isang mail ballot package

- » Alamin kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante sa pamamagitan ng pagbisita sa **Burnaby.ca/Elections**
- » Kung hindi ka rehistrado upang bumoto, maaari kang magrehistro sa pamamagitan ng **Burnaby.ca/Elections** o kaya'y gamitin ang form na nasa iyong application package.
- » Ibalik ang iyong kinompletong aplikasyon:
 - Ipadala sa mail sa Election Office sa:
City of Burnaby
4949 Canada Way
Burnaby, V5G 1M2
 - Dalhin ito sa Burnaby Election Office at ihulog sa designadong kahon sa lobby ng Christine Sinclair Community Centre.

Kung ikaw ay kwalipikado bilang isang non-resident property elector, sagutan ang mga naaangkop na form na nasa mail ballot application package.

Dapat ay rehistrado kang bumoto upang matanggap mo ang iyong mail ballot package.

- » Ang mail ballot packages ay available simula 8:30 am ng Setyembre 24.

Para matanggap ang iyong package:

- » Sa mail – ang ballot packages ay ipapadala sa mail hanggang tanghali ng Oktubre 6 upang matanggap ito nang may sapat na panahon para bumoto, at upang maibalik ito bago dumating ang deadline sa Oktubre 15.
- » Pickup – maaari mo o ng iyong designadong tao kunin ang iyong mail ballot package mula sa Burnaby Election Office sa Christine Sinclair Community Centre.

Paunawa: Ang Christine Sinclair Community Centre ay isang secure facility at ang publiko ay pinapayagan lamang sa main floor at gym facilities.

- » Pagdating mo, tumawag sa 604-294-7088 at ang mail ballot package ay dadalhin sa iyo ng isang tao mula sa Election Office.
- » Kung nagtakda ka ng ibang táong kukuha ng iyong mail ballot package, mangyaring tandaan na kailangan niya magdala ng dalawang ID.
- » Oras na nakuha mo na ang iyong mail ballot package, handa ka nang bumoto.



Mga hakbang upang bumoto sa mail

1. Kumpletohin ang iyong balota sa pamamagitan ng paggamit ng isang itim na pen o marker upang punan ang oval sa tabi ng pangalan ng (mga) kandidatong pinipili mo.
2. Ilagay ang nakompletong balota sa Envelope A at i-seal ito.
3. Ipasok ang Envelope A sa Envelope B, i-seal ito at pagkatapos ay sulatan ang harap ng Envelope B.
4. Ipasok ang Envelope B sa Envelope C at ibalik ito:



» Ipadala sa mail sa Election Office sa:

City of Burnaby
4949 Canada Way
Burnaby, V5G 1M2

» Nang personal sa isang designadong mail ballot box na nasa:

- Bob Prittie Metrotown Library
- Burnaby City Hall
- Cameron Library
- Christine Sinclair Community Centre
- McGill Library
- Tommy Douglas Library
- W.A.C. Bennett Library (Simon Fraser University)

» Sa anumang lugar ng botohan sa Oktubre 1, 5, 8 o kaya 15 sa pagitan ng 8 am-8 pm. Mangyaring bisitahin ang [Burnaby.ca/Elections](https://burnaby.ca/Elections) upang humanap ng lokasyon na madaling puntahan.



TANDAAN: Pananagutan ng botante na siguraduhin na ang nakompletong mail ballot ay matatanggap bago dumating ng 8 pm sa Sabado, Oktubre 15. Kung ibalik mo ang iyong mail ballot sa mail, siguraduhing maglaan ng sapat na panahon para maideliver ito ng Canada Post bago dumating ng 8 pm sa Oktubre 15, 2022.

Ang mail ballot packages na matatanggap pagkatapos ng **8 pm sa Oktubre 15, 2022** ay hindi isasama sa pagbilang. Ang mga postmark ay hindi isasaalang-alang na valid para sa pagbalik ng mga kinompletong balota.

Mga Katanungan at Mga Sagot

Ano ang mangyayari kung nagkamali ako sa aking mail ballot?

Kontakin ang Election Office at ibalik ang iyong mail ballot package. Sa mga araw ng botohan, ibalik ang iyong mail ballot package sa isang Presiding Election Official sa anumang designadong lugar ng botohan na gusto mo at bibigyan ka ng panibagong balota.

Ano ang mangyayari kung nagbago ako ng isip at nagpasiya akong bumoto nang personal?

Dalhin ang iyong buong mail ballot package sa anumang lugar ng botohan na gusto mo at ibalik ito sa Presiding Election Official. Aasikasuhin nila ito upang makaboto ka nang personal. Dapat mong ibalik ang iyong buong mail ballot package.

Sino ang matatawagan ko kung kailangan ko ng tulong sa aking mail ballot, rehistrasyon bilang botante, o iba pang mga tanong tungkol sa eleksyon?

Tawagan ang Burnaby Election Office sa 604-294-7088. Kami ay bukás mula 8 am hanggang 4:30 pm Lunes hanggang Biyernes at masisiyahan kaming tulongan ka.

Mga designadong lokasyon ng mail ballot box

Maaari mong i-mail ang iyong kinompletong mail ballot gamit ang Canada Post, o kaya'y ihulog ito sa mail ballot box sa isa sa mga designadong lokasyon na ito.



**Bob Prittie
Metrotown Library**
6100 Willingdon Avenue



Burnaby City Hall
4949 Canada Way



Cameron Library
9523 Cameron Street



**Christine Sinclair
Community Centre**
3713 Kensington Avenue



McGill Library
4595 Albert Street



Tommy Douglas Library
7311 Kingsway



W.A.C. Bennett Library
Simon Fraser University
8888 University Drive

#BurnabyVotes

Burnaby Elections Office
elections@burnaby.ca
604-294-7088
Burnaby.ca/Elections

